

KAPASIYAHAN BLG. ____

ISANG KAPASIYAHAN

UPANG IPATUPAD AT PAGTIBAYIN ANG RA 9208 (ANTITRAFFICKING ACT OF 2003) AT ANG MGA ALITUNTUNIN SA PAGPAPATUPAD NITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN

Bilang pagkilala sa lubos na pagsuporta ng Pilipinas sa pandaigdigang kampanya sa pagsugpo ng pagkakalalakal ng tao, lalo na sa mga kababaihan at mga bata;

Bilang pag-unawa na ang mga tao, lalo na ang mga kababaihan at mga bata ay nangangailangan ng proteksyon laban sa pananakot at pananamantala, at nang sa gayon ay nanganailangan ng masusing hakbang upang masugpo ang *trafficking* (pagkakalalakal) ng mahihinang sektor sa pamayanan;

Bilang pagkilala na ang Anti-Trafficking in Persons Act of 2003, na siyang nagtatakda ng pambansang saligan sa pagtugon sa mga isyu at problema ukol sa *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao ay naisa-batas noong ika-26 ng Mayo 2003;

Bilang pag-unawa na ang mga isyu sa pagkakalalakal ng tao ay nagangailangan ng direktang pag-aksyon ng kasalukuyang Sanggunian xx upang maiwasan ng xx (pangalan ng LGU) na pagmulan, pagdaanan, o maging destinasyon ng mga biktima ng *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao;

Ang sumusunod ay pinagtitiibay ng Sangguniang xx ng xx:

SECTION 1. Pamagat – Ang Kapasiyahang ito ay kinikilala bilang “Anti-Trafficking in Person s Ordinance of 200x”.

SECTION 2. Kahulugan ng mga Katawagan . Ayon sa pagkakagamit sa Kapasiyahang ito: (bilang pakahulugan sa ilalim ng RA 9208)

(a) *Trafficking* (Pagkakalalakal) ng Tao – kinabibilangan ng pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagbebenta ng mga tao, may pahintulot man ng biktima o wala, sa loob ng isang bansa o sa pagitan ng mga hangganang bansa, sa pamamagitan ng pagbabanta sa mga biktima o paggamit ng dahas o iba pang anyo ng pamimilit; pagdukot, pandaraya, panlilinlang, pang-aabuso sa kapangyarihan o posisyon; pagbibigay o pagtanggap ng bayad o kapakinabangan upang makuha ang pagsang-ayon ng isang taong may kapangyarihang pumigil sa ibang tao para sa pagsasamantala tulad ng pananamantalang sekswal, sapilitang paggawa o paninilbhan, pang-aalipin, at pagtatanggal o pagbebenta ng bahagi ng katawan ng tao; o iba pang mga kahalintulad na gawain.

Ang pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagbebenta ng bata para sa pananamantala ay itinuturing na pagkakalalakal ng tao kahit wala ang alinman sa mga kondisyon na nabanggit sa naunang talata.

(b) Bata – tumutukoy sa taong may edad na mababa sa labingwalong (18) taong gulang o higit sa labingwalong (18) taong gulang subalit walang kakayanan na protektahan ang kanyang sarili mula sa pang-aabuso, pagsasawalang bahala, pagmamalupit, pananamantala, o diskriminasyon, dahil sa pisikal o mental na kapansanan o kondisyon.

(c) Prostitusyon – tumutukoy sa anumang kalakaran na may kinalaman sa paggamit ng isang tao para sa pakikipagtalik o pananamantalang sekswal kapalit ng salapi, kabayaran, o anumang kapakinabangan.

(d) Sapilitang Paggawa at Paninilbihan – tumutukoy sa pananamantala sa lakas paggawa ng isang tao sa pamamagitan ng paggamit ng iba't-ibang paraan ng pamimilit tulad ng panlilinlang, pandaraya, pananakot, pagbabanta, paggamit ng pisikal na lakas, pag-aabuso sa kapangyarihan, o pagtatali sa utang upang mokontrol ang biktima.

(e) *Sex Tourism* – tumutukoy sa programang inorganisa ng mga establisimiyento sa paglalakbay at pamamasyal na pangturismo upang makagamit o makapag-alok ng mga tao para sa prostitusyon, pornograpiya o pananamantalang sekswal. Kasama na dito ang mga serbisyong sekswal na iniaalok sa panahon ng pamamahinga, para sa mga kasapi ng militar.

(f) Pananamantalang Sekswal – tumutukoy sa paggamit ng tao para sa prostitusyon o pornograpiya sa pamamagitan ng pagbabanta o paggamit ng lakas, pandaraya, panlilinlang, dahas, pag-aabuso sa kapangyarihan, gapos na pagkakautang, pang-aabuso sa kahinaan ng biktima, pamimilit o pananakot.

(g) Gapos na Pagkakautang – tumutukoy sa pagsasadlak sa isang tao sa kalagayan ng sapilitang paggawa bilang kabayaran mula sa pagkakautang, kung di nasasaad ang tiyak na haba at katangian ng serbisyo o ang halaga ng serbisyo ay di naaayon sa halaga ng pagkakautang.

(h) Pornograpiya – tumutukoy sa paglalathala, paglilimbag, pagpapakita, pagsasahimpapawid o pamamahagi, sa anumang paraan, ng isang tao na sangkot sa isang aktwal o di aktwal na gawaing sekswal o ang pagpapakita ng maseselang bahangi ng katawan nito sa pagtataguyod ng gawaing sekswal.

SECTION 3. Mga Serbisyo at Programa sa Paglaban sa *Trafficking* (Pagkakalalakal) ng Tao
– Ang mga LGU ang siyang naatasan na magpatupad ng mga sumusunod:

(a) Magpatupad ng mga pangunahing serbisyong nakasaad sa Section 23 ng RA 9208;

(b) Magpaunlad at magpalaganap ng impormasyon tungkol sa *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao;

(c) Magsanay sa mga tauhan ng lokal na pamahalaan na nauugnay sa mga programa upang sugpuin ang *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao;

(d) Magtaguyod at magpalakas ng mga serbisyo at programa;

(e) Magpaunlad at magpanatili ng Migrant Advisory and Information Network (MAIN);

(f) Magtatag ng sistema sa pag-aksyon, pagsubaybay at pagtatala ng mga kaso ng *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao sa pamamagitan ng itinakdang *standard reporting form*;

(g) Mag-imbetiga, kaugnay ang iba pang naatasang ahensiya ng mga establisimiyento na pinaghihinalaang ginagamit sa *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao;

(h) Magtaguyod ng isang sistema upang gantimpalaan ang mga taong makapag-bibigay ng impormasyon upang masugpo ang *trafficking* (pagkakalalakal) ng tao at ang mga taong sangkot dito;

- (i) Magsagawa ng iba pang kaugnay na gawain sa lokal na pamayanan.

SECTION 4. **Local Committee sa Anti-Trafficking** – Isang *local committee* sa *anti-trafficking* ang bubuuin na pamumunuan ng Pinuno ng Committee on Women and Children ng *Sanggunian*. Ang mga kinatawan ay hihirangin mula sa lokal na pamahalaan, at kung kinakailangan, sa mga ahensiya ng pamahalaan na kasapi sa Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT), na nakasaad sa Section 20 ng RA 9208

Department of Justice (DOJ)
 Department of Social Welfare and Development (DSWD)
 Department of Foreign Affairs (DFA)
 Department of Labor and Employment (DOLE)
 Philippine Overseas and Employment Administration (POEA)
 Bureau of Immigration (BI)
 Philippine National Police (PNP)
 National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW)

Ang mga sumusunod na kinatawan na itatalaga ng Mayor mula sa mga hinirang ng *Sanggunian* ay uupo bilang mga kasapi ng Local Committee at manunungkulan sa loob ng tatlong taon:

- (a) xxx mga kinatawan ng mga *accredited* NGOs/POs;
 (b) xxx mga kinatawan ng Barangay Human Rights Action Centers.

SECTION 5. **Mga Tungkulin ng Local Committee on Anti-Trafficking** – Ang Committee ang siyang:

(a) Makikipag-ugnayan sa iba pang ahensiya ukol sa kampanya ng lokal na pamahalaan tungkol sa *trafficking* (pagkaka-lakal) ng tao;

(b) Magmumungkahi sa *Sanggunian* ng mga pamamaraan at regulasyon upang sugpuin ang *trafficking* (pagkaka-lakal) ng tao;

(c) Susubaybay at magsusuri ng mga patakaran, programa, proyekto at pagkilos upang sugpuin ang *trafficking* (pagkaka-lakal) ng tao;

SECTION 6. **Pakikipag-ugnayan sa mga Lokal na Opisina ng mga Ahensiya ng Pamahalaan na Kasapi sa Kampanya Laban sa Trafficking (Pagkaka-lakal) ng Tao** – Ang Local Committee ay makikipag-ugnayan sa mga lokal na opisina ng mga sumusunod na ahensiya ng pamahalaan upang tiyakin na nagagampanan nila ang kanilang tungkulin na nakasaad sa Section 16 ng RA 9208.

- a) Department of Foreign Affairs (DFA)
 b) Department of Social Welfare and Development (DSWD)
 c) Department of the Interior and Local Government (DILG)
 d) Department of Labor and Employment (DOLE)
 e) Department of Justice (DOJ)
 f) Bureau of Immigration (BI)
 g) Philippine National Police (PNP)
 h) Philippine Overseas Employment Administration (POEA)

Ang mga sumusunod na ahensiya ay maaari ring isama sa Local Committee:

- (a) Commission on Filipinos Overseas (CFO)
 (b) Philippine Center for Transnational Crime (PCTC)
 (c) Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)
 (d) National Police Commission (NAPOLCOM)
 (e) Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED)

(f) Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)

SECTION 7. Pakikipag-ugnayan sa mga Iba Pang Ahensiya ng Gobyerno at sa mga NGO at PO – Ang LGU ay makikipag-ugnayan sa mga iba pang ahensiya ng gobyerno at sa mga NGO at PO na may kinalaman sa mga programa upang labanan ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao.

SECTION 8. Laang-Gugulin – Upang epektibong maipatupad ang Kapasiyahang ito, ang paunang halaga na xx Piso (Pxx) ay inilalaan. Simula 200x, xx% mula sa pondo ng Gender and Development (GAD) ng IRA at ang minimum na 10% ng pondo ng GAD mula sa Official Development Assistance (ODA) ay magiging bahagi ng taunang laan. Bilang karagdagan, xx% ng koleksyon sa binabayaranang lisensya ng mga establisimiyento na nagbibigay aliw ang gugugulin sa pagpapatupad ng mga programa at serbisyong may kinalaman sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao.

SECTION 9. Bisa. Ang Kapasiyahang ito ay magkakabisa labinglimang (15) araw mula sa pagkakalathala nito sa alinmang pahayagan na inakreditahan ng Sanggunian.